

**GABAY PARA SA PAGKUMPLETO NG FORM NG KAHILINGAN  
PARA SA MGA BENEPISYONG PAID FAMILY LEAVE (PFL)**

Nag-aalok ang State Disability Insurance (SDI) ng ligtas at maginhawang opsyon sa online para sa paghahatag ng mga kahilingan sa Paid Family Leave (PFL). Para sa mas mabilis na pagproseso, magsumite ng isang claim form at dokumentasyon sa [SDI Online](http://edd.ca.gov/SDI_Online) ([edd.ca.gov/SDI\\_Online](http://edd.ca.gov/SDI_Online)).

Upang maiwasan ang mga pagkaantala habang naghahatag ng kahilingan gamit ang papel na aplikasyon, sundin ang sumusunod na pangkalahatang mga alituntunin sa ibaba. Magbigay ng sapat na oras para sa pagproseso ng kahilingan (karaniwang dalawang linggo). Para sa iba pang impormasyon, basahin ang dilaw na tagubilin at sheet ng impormasyon na ibinigay kasama ng Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits (DE 2501F). Kontakin ang opisina ng PFL sa 1-877-238-4373, o puntahan ang [State Disability Insurance](http://edd.ca.gov/disability) ([edd.ca.gov/disability](http://edd.ca.gov/disability)).

<b>Uri ng Kahilingan</b>	<b>Nagbibigay ang PFL ng mga benepisyo sa mga karapat-dapat na manggagawang kailangang tumigil sa trabaho upang alagaan ang isang miyembro ng pamilyang may malubhang karamdaman, upang makipagbuklod sa bagong anak, o para lumahok sa isang qualifying event bilang resulta ng militar na pagkaka-deploy sa ibang bansa ng isang miyembro ng pamilya. Huwag maghatag ng higit sa isang uri ng kahilingan sa parehong claim form o para sa parehong panahon.</b>
<b>Pakikipagbuklod sa Bagong Sanggol pagkatapos ng Disability Insurance (DI) Claim na May Kaugnayan sa Pagbubuntis</b>	<p><b>Para sa mga bagong ina na nakatanggap ng DI benefits na may kaugnayan sa pagbubuntis bago pa maghatag para sa PFL benefits.</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits - New Mother</i> (DE 2501FP) ay awtomatikong ipapadala sa iyo sa hiwalay na sobre sa pagtatapos ng iyong DI claim pagkatapos maibigay sa iyo ang huling bayad.</li> <li>• Kapag nakabawi ka na mula sa panganganak ng iyong sanggol, isumite ang iyong <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits - New Mother</i> (DE 2501FP).</li> <li>• Kumpletuhin ang lahat ng seksiyon ng <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits - New Mother</i> (DE 2501FP), at ipadala nang hindi bababa sa 41 araw mula sa petsa na gusto mong simulan ang iyong kahilingan sa pakikipagbuklod o maaari mo itong isumite gamit ang SDI Online.</li> <li>• Kung hindi mo natanggap ang form na ito, tawagan ang DI sa 1-800-480-3287 o PFL sa 1-877-238-4373.</li> </ul>
<b>Pakikipagbuklod sa Bagong Anak</b>	<p><b>Para sa mga bagong ina na walang naunang disability claim na may kaugnayan sa pagbubuntis, mga bagong ama, mga rehistradong kasamahan sa bahay, o tagapag-alaga o nag-ampon na mga magulang.</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Kumpletuhin at lagdaan ang Bahagi A sa pahina 1 at Bahagi B sa pahina 3 ng <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits</i> (DE 2501F), at ipadala nang hindi bababa sa 41 araw mula sa petsa na gusto mong simulan ang iyong kahilingan sa pakikipagbuklod.</li> <li>• Isama ang dokumentasyon ng Patunay ng Relasyon kasama ng iyong kahilingan sa pakikipagbuklod. <ul style="list-style-type: none"> <li>○ <b>Dapat</b> malinaw na ipinapakita ng patunay ng kapanganakan ang pangalan ng bata, petsa ng kapanganakan, kasarian, at ang pangalan ng magulang na tatanggap ng mga benepisyo.</li> <li>○ <b>Dapat</b> na patunayan ng dokumentasyon ng paglilipat ng pangangalaga o pag-ampon ang petsa na inilagay ang bata sa iyong pangangalaga.</li> </ul> </li> <li>• Babayaran ang mga benepisyo sa pakikipagbuklod sa loob ng isang taon ng kapanganakan o pagkakalipat ng bata, kung karapat-dapat.</li> </ul>
<b>Pangangalaga</b>	<p><b>Upang maalagaan ang anak, magulang, biyenang, lolo o lola, apo, kapatid, asawa, o rehistradong kasamahan sa bahay na may malubhang karamdaman.</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Magsumite ng <i>Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits</i> (DE 2501F): <ul style="list-style-type: none"> <li>○ Kumpletuhin at lagdaan ang Bahagi A sa pahina 1.</li> <li>○ Ipakumpleto sa tatanggap ng pangangalaga ang Bahagi C sa pahina 3.</li> <li>○ Ipakumpleto at palagdaan sa manggagamot/propesyonal ng tatanggap ng pangangalaga ang Bahagi D sa pahina 4.</li> </ul> </li> <li>• Kung hindi makukumpleto o malalagdaan ng tatanggap ng pangangalaga ang Bahagi C sa pahina 3 dahil sa kanilang kapansanan, o kung ikaw ay isang awtorisadong kinatawag humihiling ng mga benepisyo sa ngalan ng isang walang kakayahan o namatay na tagapagtanggap, tumawag sa 1-877-238-4373 para sa mga tagubilin at kinakailangang form <b>bago</b> magsumite ng kahilingan. <b>Kinakailangan</b> ang mga Bahagi A, C, at D upang maituring na kumpleto ang kahilingan.</li> </ul>

**Tulong Militar****Upang makalahok sa isang qualifying event bilang resulta ng militar na pagkaka-deploy sa ibang bansa ng asawa, rehistradong kasamahan sa bahay, magulang, o anak.**

- Kumpletuhin at lagdaan ang Bahagi A sa pahina 1 at Bahagi E sa mga pahina 5 at 6 ng *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits* (DE 2501F), at ipadala nang hindi bababa sa 41 araw mula sa petsa na gusto mong simulan ang iyong pagtanggap ng tulong militar.
- Ang patunay ng sakop na aktibong tungkulin o tawag sa sakop na aktibong tungkulin ng miyembro ng pamilya (nakalista sa Box E10) ay dapat na ikabit kasama ng dokumentasyon na sumusuporta sa qualifying event para sa bakasyon.

**Mga Parsiyal na Benepisyo****Kung binawasan mo ang iyong iskedul sa trabaho at nabawasan ang iyong sahod.**

- Markahan ng "oo" ang tanong A13 sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits* (DE 2501F), o ang tanong 6 sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits - New Mother* (DE 2501FP), kung patuloy kang magtatrabaho sa panahon ng iyong bakasyon habang nag-aalaga ng iyong pamilya.
- Maglakip ng hiwalay na liham kung magtatrabaho ka nang part-time o magbabakasyon nang paiba-iba. Siguraduhing isama ang iyong Social Security Number, pangalan, tirahan, numero ng telepono, karaniwang oras ng trabaho, rate ng sahod, at ang bilang ng oras na balak mong iliban bawat linggo.

**Mga Sahod mula sa Iyong Employer**

Kung patuloy kang pinapasahod ng iyong employer sa panahon ng iyong paghiling.

Kung binayaran ka ng iyong employer ng pagkakaiba sa pagitan ng PFL benefits at ng buong sahod, ilagay ang "INTEGRATE" sa tanong A22 sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits* (DE 2501F), o sa tanong 6 sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits - New Mother* (DE 2501FP).

**Ang Iyong Mga Pananagutan****Isumite ang iyong kahilingan o ano pa mang kinakailangang form nang kumpleto, wasto, at sa tamang oras.**

- Gumamit lang ng itim na tinta.
- Huwag paghiwalayin ang mga pahina ng form, at isumite ang lahat ng bahagi ng claim form nang isahan.
- Isumite ang claim form kapag sinimulan mo na ang iyong family leave claim. Hindi maaaring maproseso ng EDD ang mga kahilingang may mga petsang nagsisimula sa hinaharap.
- Kung magsusumite ng huli nang claim form, dapat kang magsama ng isang nakasulat na paliwanag ng (mga) dahilan ng pagkahuli upang maiwasang madiskwalipika.
- Ipadala ang iyong claim form sa sobrang may pre-address. Kung hindi kasamang ibinigay sa iyong kahilingan ang sobrang may pre-address, ipadala ang iyong kahilingan at liham sa: EDD-Paid Family Leave, PO Box 989315, West Sacramento, CA 95798-9315.

**Mga PFL Toll-Free Number**

<b>English</b>	<b>1-877-238-4373</b>
<b>Spanish</b>	<b>1-877-379-3819</b>
<b>Cantonese</b>	<b>1-866-692-5595</b>
<b>Vietnamese</b>	<b>1-866-692-5596</b>
<b>Armenian</b>	<b>1-866-627-1567</b>
<b>Punjabi</b>	<b>1-866-627-1568</b>
<b>Tagalog</b>	<b>1-866-627-1569</b>

Para sa karagdagang impormasyon, puntahan ang [State Disability Insurance](http://edd.ca.gov/disability) ([edd.ca.gov/disability](http://edd.ca.gov/disability)).

Ang EDD ay isang employer/programa na may pantay na oportunidad para sa lahat. Magagamit ang mga pandagdag na pantulong at serbisyo kapag hiniling para sa mga indibidwal na may kapansanan. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, pantulong, at/o alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (boses) o gamit ang California Relay Service sa 711.

Ang mga alituntuning ito ay para lang sa pangkalahatang impormasyon at walang bisa ng batas, patakaran, o pamamalakad.